**1. Ano ang sarili mong pakahulugan sa lakbay- sanaysay?**

**Ang lakbay-sanaysay ay kilala rin sa Ingles na "travel essay." Ito ay isang uri ng sanaysay na hindi lamang tungkol sa paglalakbay o sa isang lugar mismo. Pwede rin itong maging tungkol sa kultura, tradisyon, mga uri ng tao at kung ano ang mga maaaring madiskubre sa pamumuhay ng mga tao sa lugar na pinaglakbayan. Ito rin ay nagpapahayag ng mga natuklasan at ng mga saloobin ng isang manunulat. Maari rin itong maging gabay sa mga posibleng manlalakbay.**

**2. Anong katangian mayroon ang lakbay-sanaysay upang makasama ito sa akademikong sulatin? Ipaliwanag.**

**Ang lakbay-sanaysay ay kapupulutan ng mga impormasyon ng mga mambabasa at iba pang manunulat. Ang paggawa ng isang lakbay-sanaysay ay makatotohanan at detalyado. Ito ay hindi lamang basta bastang paglalarawan ng mga lugar na pinuntahan, kundi ito ay mayroong malalim na pagunawa at pakilala sa mismong lugar. At higit sa lahat ang lakbay-sanaysay ay nagbibigay ng mga makabuluhang impormasyon kaya marapat lamang mapasama ito sa akademikong sulatin.**

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000833552355 from CourseHero.com on 10-14-2021 18:02:24 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/66855805/sanaysaydocx/